Ano ang WIDA Screener?

Ang WIDA Screener ay isang pagsusulit na tumutulong sa mga guro na tukuyin kung mga English learner ba ang mga estudyanteng nasa mga grade K-12. Ang isang English learner ay isang estudyante na pormal na natukoy bilang nangangailangan ng mga suporta sa wika para matagumpay na makagamit ng materyal sa pag-aaral na nasa wikang English.

Bakit Kumukuha ang Anak Ko ng WIDA Screener?

Lumahok ka sa survey at sumagot ka sa mga tanong tungkol sa wikang ginagamit ninyo sa bahay. Base sa iyong mga sagot, ipinapalagay ng mga guro ng iyong anak na maaaring isa siyang English learner. Ang iyong anak ay kukuha ng WIDA Screener para makumpirma kung isa nga siyang English learner.

Paano Ginagamit ang mga Resulta ng Pagsusulit sa WIDA Screener?

Ang mga resulta ng pagsusulit sa WIDA Screener ay ginagamit ng mga guro ng iyong anak para makatulong sa pag-alam kung isa ngang English learner ang iyong anak.

Gaano Katagal ang WIDA Screener Test?

Ang pagsusulit ay maaaring tumagal nang 80 minuto para makumpleto. Gayunman, ang mga tagal ng pagsusulit ay maaaring mag-iba-iba depende sa mga indibidwal na pangangailangan ng estudyante at antas ng kanyang katatasan. Ang mga tanong sa pagsusulit sa WIDA Screener ay sumasaklaw sa apat na larangan (Pakikinig, Pagbabasa, Pagsasalita, Pagsusulat).

Karamihan sa mga estudyante na nasa mga grade 1-12 ay kumukuha ng online na pagsusulit (depende sa patakaran ng inyong estado). Ang WIDA Screener para sa kindergarten ay isang mas maikling pagsusulit na gumagamit ng papel at lapis.

WIDA™
UNIVERSITY OF WISCONSIN-MADISON

Ang WIDA ay matatagpuan sa Wisconsin Center for Education Research sa University of Wisconsin-Madison.

© 2025 Board of Regents of the University of Wisconsin System, on behalf of WIDA

Paghahanda para sa WIDA Screener

- Hindi kailangang mag-aral ang anak mo para sa WIDA Screener.
- Kailangang magpokus ang anak mo sa pinakamahusay niyang magagawa sa araw ng pagsusulit para maipakita ang lahat ng paraan kung paano siya nakakaintindi at kayang makipag-ugnayan sa English.
- Makipag-usap sa mga guro ng iyong anak tungkol sa kung kailan mo matatanggap ang mga resulta ng pagsusulit at paanong ginagamit ng paaralan ng iyong anak ang naturang mga resulta.

Kung ang Iyong Anak ay isang English Learner, Narito ang mga Tanong na Maaari Mong Itanong sa Kanyang mga Guro

- Anong uri ng mga pansuportang serbisyo sa wikang English ang matatanggap ng anak ko sa paaralan?
- Paano mo isinasama ang mga wika at kultura ng mga bata sa paaralan?
- Paano masusuportahan ng aking pamilya ang pag-unlad sa wika ng aking anak sa bahay?
- Kailan hihinto ang pagtanggap ng aking anak ng suporta sa wikang English?

WIDA™
UNIVERSITY OF WISCONSIN-MADISON
Ang WIDA ay matatagpuan sa Wisconsin Center for Education Research sa University of Wisconsin-Madison.
© 2025 Board of Regents of the University of Wisconsin System, on behalf of WIDA